

Diocesan Pilgrimage to Mount Samat in Pilar
First Sunday of Advent of the year B, 02 December 2017

"be watchful" (Mark 13,33), always work and bear witness to Jesus

Mga kapatid, ang ginawa natin ngayong hapon ay mahahalintulad natin sa ating paglalakad upang marating ang nais nating maabot o makuha. Mayroon tayong nais maakyat, o mapagtagumpayan. At masasabi rin na ang buhay natin sa lupa ay isang paglalakbay patungo sa ating tunay na tahanan, ang Langit. O isa rin naisin natin na makasama o makapiling ang Diyos doon sa Kanyang tahanan. Samakatuwid ang ating pamumuhay dito sa lupa ay isang pag-akyat, upang marating o makamit ang Langit.

Tulad ng inyong naranasan ngayon hapon na hindi maaalis sa ating paglalakad na tayo ay mapagod, pawisan at mahirapan. Subalit hindi kayo huminto. Hindi kayo sumuko. *Move on* pa rin kayo.

Mayroon din sa inyong pag-akyat ang mga sagabal, hadlang o naging pabigat. Datapuwat hindi kayo pinaghinaan ng loob. Patuloy pa rin sa pag-akyat, sa paglakad.

Mga minamahal naming mga kabataan, sa ating paglalakad dito sa lupa, si Jesus ay naghihintay sa atin at tayo ay Kanyang tatanggapin. O kaya naman tayo ay Kanyang sinusubaybayan o sinasabayan. Nais ni Jesus tayo ay makarating, maka-akyat at makapiling Siya. Upang ito ay maganap tatlong kilos ang nararapat natin gawin sa ating buhay. Ano po ang mga ito? Madaling tandaan sapagkat ito ay nagsisimula sa letrang W:

Be watchful
Always work
And be witnesses for Jesus

Una. Mula sa ating Ebanghelyo sinabi ni Jesus, *"be watchful. Be alert"* (Mark 13,33). Maging maingat. Marami ngayon na mga salita, mga bagay ang hindi totoo. Hindi tunay. At hindi tama. Ito ang mga tinatawag nating *fake news, false at flatteries*. Mayroon din nambobola at mayroon naglilinlang. Sa mga ito tayo po ay nararapat lamang na maging maingat.

Palagi natin iisipin maigi ang mga nais natin marating, maabot dito sa lupa. At ating iiwasan ang mga bagay o tao na magiging balakid sa ating paglalakbay upang makamit at makuha natin ating pinapangarap, ang nais natin makuha o maabot. Kung ang lugar, o bagay na ito o ang tao sa paligid mo ang magdudulot sa kapahamakan at pagkasira ng inyong magandang pangarap, layuan mo sila.

Sa ating paglalakbay dito sa lupa, maging maingat. Huwag kang padalos-dalos. Huwag pabigla-bigla. Pag-isipan mong mabuti ang iyong sasabihin, ang iyong gagawin. Baka ang mga ito ay magdudulot sa atin at sa ating mga mahal sa buhay ng kanilang pagkakadapa at pagkakasala. Maging maingat. At maging handa na magsabi na *hindi*, o ang magsalita ng *ayoko at hindi tama* sa mga taong nag-aanyaya at humahalina sa atin na gumawa ng masama.

Remember drugs will just lead us death and destruction. Gambling will never give us peace and prosperity. Both of them-drugs and vices-will just ruin our body, our homes and future. Having boyfriend or girlfriend at your early age is distraction and disturbance to your studies. Maging maingat.

Mga kabataan, palagi ninyong titignan ang mga pagpapakasakit ng inyong mga magulang at huwag sasayangin ang kanilang pinapag-aaralan sa inyo. Kaya naman mag-aral ng mabuti. Palagi ninyong

tatandaan ang mga pagmamalakasakit at pangaral ng inyong mga magulang para kayo ay maging ligtas at makatapos ng pag-aaral. Dahil dito, maging maingat sa mga kakilala at mga kasamahan.

Maging ang atin Panginoong Jesus ay nagsasabi sa atin mula sa Ebanghelyo ngayon, "*be watchful. Be alert*" (Mark 13, 33).

Ikalawa. *always work.* Mga kapatid, sa ating paglalakbay dito sa lupa, hindi lamang tayo nararapat na maging maingat. Hindi sapat na tayo ay maayos at komportable sa ating mga silid. Hindi sapat na tayo mga mapayapa at nanahimik. Kailangan na tayo ay kumikilos, gumagawa at may ginagawa para sa Diyos at para sa atin kapwa.

Mula sa Ebanghelyo tayo po ay pinaalalahanan ng atin Panginoong Jesus "*he puts his servants in charge, giving to each one some responsibility*" (v34).

Tama lamang na tayo ay gumagawa at may ginagawa. At gawin natin na ang lahat ng mga gawain ay maganda at mabuti. Ating nang pagbubutihin, aayusin at pagagandahin. Hindi puwede yun *puwede na*. Hindi basta may maipakita o makita o mag-pacheck ng attendance.

Hindi nararapat na ikaw ay tamad o tambay. Hindi kaaya-aya na ikaw at ako ay pala-asa lamang sa mga nakakatanda at nakakariwasang mga kapatid. Hindi rin nararapat na tayo ay pa-*easy-easy*, pa-*relax-relax* at tutulog-tulog. Ikaw at ako ay malakas at malusog. Tayong lahat ay mahusay at magaling. Gamitin natin ang lahat ng mga ito upang gumawa at makagawa. Ang babala sa atin ng atin Panginoong Jesus ay "*don't let him catch you asleep*" (v36).

Ang palaging paanyaya sa atin ng atin Panginoon Jesus ay kumilos at gumawa. Ang Kanyang panawagang palagi sa atin ay "*son, today go and work in my vineyard*" (Matthew 23,28).

Mga kabataan, ang inyong mga magulang ay walang sawang gumagawa, nagtatrabaho kahit pa sa malayong mga bansa upang matiyak na kayo ay makapag-aral, ay makakain at may maisusuot na mga damit at hindi kakapusin sa inyong pangangailangan. Kaya naman mag-aral kayong mabuti at gawin ninyo na ang inyong mga *grade* hindi lamang pasado bagkus matataas. Ang inyong mga guro ay patuloy sa inyo ay na nagtuturo, naglalaan ng panahon at nagbabahagi ng kanilang mga talino. Kaya naman gawin ninyo ang dapat gawin. Mag-aral ng mabuti, sumunod sa kanila sa paggawa ng *assignments* at huwag matulog sa klase o umabsent.

Ang ating pamahalaan ay nagpapahayag ng programang gawain "*build, build, build.*" Ang sabi naman ng ating minamahal na mga bagong bayaning OFW, ang kanilang *hugot lines* ay "*work, work, work.*" At gumagawa sila ng may katapatan, may kasipagan at may kagandahan. At kayong mga kabataan an gawin ninyo ay "*study, study, study.*"

Mga kapatid, tayo ay gumawa. At gumawa tayo na walang pandaraya at walang katiwalian. Tayo ay gumawa. Gumawa ng buong puso, hindi malasado, hindi ampaw. At sa ating gagawin ito ay atin tapusin, pangmatagalan at maipagmamalaki.

Isang Obispo ay magretire sapagkat sinapit niya ang gulang na *seventy five years*. Siya ay tinanong "*ano po ang inyong gagawin? Kayo po ay malakas pa rin.*" Siya ay tumugon, "*ako ay uuwi na sa amin sa probinsiya. "Ano po ang inyong gagawin? Hindi po ba kayo magbabakasyon sa Amerika o magpasyal sa mga magagandang tanawin so buong bansa natin?"* Ang sumunod na tanong.

Ang Obispo ay sumagot, "*ah patuloy pa rin ako sa paglilingkod sa tao, gagawin ko pa rin tungkulin ko. Walang bakasyon sa aming bokasyon bilang alagad ng Panginoon.*"

Panghuli. *Bear witness to Jesus.* Mga kapatid, sa ating paglalakad dito sa daigdig, hindi lamang tayo nararapat maging maingat, hindi lamang tayo na gumagawa, at tayo ay nararapat din maging mga saksi ni Jesus sa tao. Sa ating mga salita at gawa si Jesus ay ating ipinakikilala at nakikita. At dahil dito si Jesus ay napaparangalan, napapasalamat. Si Jesus ang napaparangalan. At Siya ay dinadakila.

Mula sa Ebanghelyo ni San Lukas tayo po ay inaatasan ni Jesus, "*now you shall be witnesses to this*" (24,48).

Ang pagiging saksi ni Jesus ay pagpapahayag na ang atin mga salita ay salita ni Jesus. Ang mga salita Niya ay mabuti at umuunawa. Kaya naman nararapat na ang mga salita natin ay hindi nakakasakit, hindi nakakasama, at hindi makakasira ng damdamin o ng samahan.

Ang pagiging saksi ni Jesus ay pagtulad na ating mga gawa ay iyong halimbawa at ikinilos ni Jesus. Ang mga ginawa ni Jesus ay pagsasaayos at pagbabago ng buhay. Mangyari pa nararapat na ang ating mga kilos at ginagawa ay tungo sa paggalang, pagtataguyod at pananatili ng buhay.

Isang *parishioner* ang lumapit sa kanyang *parish priest* at nagsabi "*father, ang swerte-swerte po naming ay kayo ang aming parish priest.*" "*Ano naman ang swerte doon?*" ang dugtong na pari. "*Kasi po, father, ang husay husay ninyo sa mga homilies at sa pangangasiwa ng ating parokya. Ang lahat po ay inyong kinakausap, pinupuntahan at dinadamayan. At kayo pa rin po ay mabait at maunawain.*"

Ang *parish priest* na ito ay nagpahayag, "*kung nakita ninyo at naranasan na ako ay mabait o maunawain o mahusay. Ah nararapat ninyong makita at mapasalamat ang aking mga magulang.*"

Mga kapatid, tayo ay mga saksi ng ating Panginoong Jesus. Nararapat lamang na si Jesus ang naririnig at nakikita mula sa atin.

Mga kapatid, ang buhay natin dito sa lupa ay paglalakbay patungo sa langit na ating tunay na tahanan. Ang ginawa natin ngayong hapon na pag-akyat dito sa Mount Samat ay nahahalintulad sa ating mithiin na mayroon tayong marating, maabot o makuha.

Kaya naman sa mga ito na nais natin maakyat o makuha. At upang tayo ay magtagumpay, makasapit sa tahanan ng Diyos, tandaan po natin at isabuhay ang tatlong **W**:

Be **watchful**
Always **work**
and Bear **witness** to Jesus.

+Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga and CBCP ECMI chair